# NEW　NIC Nihongo Class　Tumatanggap ng Aplikante



- ✧ Ito ang Nihongo Class para sa mga matatanda na may edad 16 pataas.
- ✧ Ang sentro ng pagtuturo ay sa pag-uusap.　Matututunan ang wikang Hapon at ang tungkol sa pamumuhay sa Japan habang nakikipag-usap sa boluntaryong guro.
- ✧ Hindi gagamit ng aklat.

＜Makakasali＞　May edad na 16 taong gulang pataas na ang sariling wika ay hindi Nihongo
(Bibigyan ng prayoridad ang mga naninirahan sa loob ng Lungsod ng Nagoya)

＜Panahon ng Pagtuturo＞ Tuwing Linggo, sa loob ng 3 buwan　(90 minutong klase × 10 beses)
(Mayo 17 ～ Hulyo 19, 2026)

＜Lugar＞　Conference Room　5F Nagoya International Center

＜Bayad sa Pagsali＞　¥ 1,000　(Para sa 10 beses na kabuuan)
※ Ang inyong ibinayad ay hindi na ibabalik.

＜Mga Klase＞

| Kurso | Oras | Bilang ng Makakasali | *Level* at Mga Sakop ng Aralin |
|---|---|---|---|
| **NIHONGO 1** | 10:00～11:30 | 15 katao | Mag-aaral na may *basic ~ beginner level*. Pag-aaralan ang simpleng pagbati at ang pakikipag-usap na kailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay, atbp. |
| | 12:00～13:30 | 15 katao | |
| **NIHONGO 2** | 10:00～11:30 | 15 katao | Mag-aaral na may *beginner ~ middle level*. Pag-aaralan ang pakikipag-usap na kailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay, mga ekspresyon sa *Nihongo* at iba pang aralin, para sa mas komportableng pamumuhay. |
| | 12:00～13:30 | 15 katao | |

※Paki-*check* ang sariling *level* sa *Nihongo* at piliin ang sasalihang kurso.
※Pakibasa ang likurang papel para sa paraan ng pag-*check* ng inyong *level*..

＜Iskedyul ng Aplikasyon at Panayam/ Bibigyan ng prayoridad ang mga naninirahan sa loob ng Lungsod ng Nagoya＞

| | |
|---|---|
| Abril 17 (Biyernes) 10:00～ | Pagtanggap sa O*nline Application*<br>※Basahin ang paliwanag sa likuran ng papel at mag-*apply* pagkatapos ma-*check* ang sariling *level*.<br>Makakatanggap kayo ng confirmation mail mula sa NIC. Tumawag po kayo sa NIC sa ika- 8 ng Mayo (Biyernes) hanggang alas-12 ng tanghali kung wala kayong natanggap. |
| Mayo 10 (Linggo) 10:00 | Panayam at Pagbabayad<br>※Ang oras at lugar ay ipapaalam sa *e-mail*. |

※Basahing mabuti ang paliwanag sa likuran ng papel.

## ■ Aplikasyon（First-come, first-served）【Online】 Abril 17 (Biyernes) 10:00～

Mag-apply sa pamamagitan ng pagsagot sa *Application Form* ng NIC *Website*.

＊Bibigyan ng prayoridad ang mga naninirahan sa loob ng Lungsod ng Nagoya

＊Ito ay first-come, first-served basis, kaya kapag naabot na ang kapasidad, ilalagay namin kayo sa waiting list.

＊Maaari lamang makapag-apply sa 1 kurso, ang 1 aplikante. Hindi maaaring mag-apply sa 2 kurso.

＊Sa settings ay paki-set na agad ang pag-accept ng e-mail address na: "@nic-nagoya.or.jp" upang makatanggap kayo ng e-mail mula sa NIC.

**【Paraan ng Level Check】**

Bago mag-apply, siguraduhing magsagawa ng sariling level check sa website na "Tsunagaru Hirogaru TSUNAHIRO." Ilagay ang resulta ng level check sa NIC application form

https://tsunagarujp.mext.go.jp/question

※Mangyaring isagawa ang sariling level check sa wikang naiintindihan ninyo.
Maaari ninyong piliin ang wika mula sa menu sa kanang itaas

※Siguraduhing ang level check ay isasagawa ng mismong mag-aaral na dadalo sa kurso.

**【Resulta ng Level Check at Inirerekomendang Klase】**

| Resulta ng Level Check sa 「Tsunagaru Hirogaru TSUNAHIRO」 | Inirerekomendang Klase |
|---|---|
| Tandaan natin ang mga kapaki-pakinabang na parirala sa Wikang Hapon. | Ang "Nihongo 1" at "Nihongo 2" ng "NIC Japanese Language Class" ay maaaring maging mahirap para sa iyo. Kung nauunawaan ninyo ito at nais pa ring sumali sa "NIC Japanese Language Class," mangyaring mag-apply sa kursong "Nihongo 1." Para sa mga taong gustong mag-aral ng basic japanese sa unang pagkakataon, inirerekomenda namin ang "Nihongo Kyoushitsu Maruhachi" na pinapatakbo ng Lungsod ng Nagoya. |
| Subukan nating aralin ang "Layunin ang Antas A1." | Mangyaring mag-apply sa 「Nihongo 1」. |
| Subukan nating aralin ang "Layunin ang Antas A2." | Mangyaring mag-apply sa 「Nihongo 2」. |
| Subukan nating aralin ang "Layunin ang Antas B1.<br>Ang iyong kakayahan sa Wikang Hapon ay mas mataas sa antas na inaasahan sa website na ito. | Ang "Nihongo 1" at "Nihongo 2" ng "NIC Japanese Language Class" ay maaaring maging napakadali para sa iyo. Kung nauunawaan ninyo ito at nais pa ring sumali sa "NIC Japanese Language Class," mangyaring mag-apply sa kursong "Nihongo 2." Lungsod ng Nagoya. |

## ■Panayam・Pagbabayad【Pagpunta sa Tanggapan ng NIC】 Mayo 10 (Linggo) 10:00

・Pagkatapos ng inyong aplikasyon, ay pumunta sa 5F Nagoya International Center, sa oras na nakalagay sa tinanggap ninyong *e-mail*.

・Bayaran ang *participation fee*. Magdala po kayo ng inyong pambayad bago pumunta. (Hangga't maaari ay magdala po kayo ng eksaktong halaga upang hindi na kailanganin ang panukli.)

Tiyaking ipaalam sa amin kung liliban sa pagpasok！！
Paalala: Kapag umabsent ng 3 beses na sunod-sunod at hindi kumontak para magbigay abiso, kakanselahin ang iyong rehistrasyon at hindi na maaaring makasali sa natitirang sesyon sa ganap na semestre.

公益財団法人名古屋国際センター　Nagoya International Center

[TEL] 052-581-5689　[E-mail] vol@nic-nagoya.or.jp　[Web] https://www.nic-nagoya.or.jp/

本事業は、名古屋市の指定管理事業です。